

## **Ang Pamahalaan ng Canada ay Naglahad ng Economic Action Plan ng 2012- Isang Plano para sa Trabaho, Pag-unlad at Pang-matagalan Kasaganahan.**

Ngayong araw, si Honourable Jim Flaherty, Minister of Finance ay naglahad ng isang Economic Action Plan ng 2012, isang pangmalawak na gagawin upang itaguyod ang pang-matagalan na lakas at itaguyod ang pag-unlad ng trabaho sa Canada.

“Sa loob ng budget na ito, ang Pamahalaan ay tumitingin sa kinabukasan hindi lamang sa ilang taon na darating ngunit sa susunod na henerasyon,” sabi ni Minister Flaherty. “Ang reforma linalahad ngayon ay matibay, may responsabilidad at kailangan. Sinisiguro nito na ang lahat ng pamahalaan ay nakatuon na paubrahin at panatilihin ang pag-unlad ng ekonomiya ng Canada.”

Ang Economic Action Plan ng 2012 ng mayroong mahalagang hakbang tungkol sa pagsubok at tumulong na kunin ang bentaha ng oportunidad na tininatawag ng “global economy” habang sinisiguro na panatilihin ang programang sosyal at matunog ng pananalaping publiko para sa sumusunod na henerasyon.

### **Tulong sa Trabaho at Oportunidad**

Ang Pamahalaan ay nakatuon na paunlarin ang pag-unlad ng ekonomiya at paglikha ng trabaho—

Inobasyon, puhunan, edukasyon at katangian. Ang Economic Action Plan ng 2012 ay tutulong sa trabaho at pag-unlad sa pamamagitan ng:

- Magbigay ng malaking puhunan ng higit sa isang \$1 bilyon suporta sa siyensia at teknolohiya.
- Magbigay ng \$500 milyon tulong sa pag-lago ng “innovative start-up” na kumpanya.
- Magsiguro ng may responsabilidad na paggamit ng resources at tumungon sa tinatawag na “one project, one review” na mayroong klarong panahon para sa malaking proyektong ekonomiya habang pinagpapatuloy ang protekta ng kapaligiran;
- Mabukas ng bagong pamilihan at paglawak ng international trade, nagdadala ng kalakal ng Canada sa buong mundo.
- Palugitan ang Hiring Credit for Small Business ng isang taon upang gagawin ito na atraktibo para sa maliit na negosyo upang lumago at mag-arkila ng iba pang manggagawa.
- Magbigay ng \$150 milyon sa loob ng dalawang (2) taon para sa bagong Community Infrastructure Improvement Fund.
- Magbigay ng \$5.2 bilyon sa susunod na 11 taon upang palugitan ang Canadian Coast Guard.
- Pabutihin ang paglakad sa Employment Insurance sa paglikha ng trabaho sa pamamagitan ng pag-alis ng dahilan sa hindi pagtrabaho at suportahan ang Canadians na walang trabaho sa pamamagitan ng pagkonekta mas madali sa mga trabaho.

- Magbigay ng \$275 milyon sa loob ng tatlong (3) taon bilang suporta sa First Nations edukasyon at magtayo at pagandahin ang eskuelahan sa mga reserve.
- Maglikha ng mabilis at hindi mahigpit sa ekonomiya na sistema ng immigrasyon upang akitin ang immigrante mayroon katangian at karanasan na kailangan ng ating ekonomiya.

### **Kayang Itaguyod na Programang Sosyal**

Upang masiguro na manatili ang programang sosyal ng Canada para sa kinabukasang henerasyon na may kailangan, mayroon kaming responsibilidad na ihanda ngayon para sa pang-matagalan presyon ng tumatandang populasyon. Tungo dito, ang Economic Action Plan ng 2012 ay gagawa ng:

- Unti-unting itataas ang eligibility para sa Old Age Security (OA) at Guaranteed Income Supplement benepisyo buhat sa edad 65 sa 67, magsimula sa Abril 2023, at buong ma-implement sa taong 2029.
- Payagan ipagliban sa Canadians kumuha ng kanilang OAS pensions upang sila ay maaring tumanggap ng mas malaking pensions pagkatapos.
- Maglagay sa lugar ng “proactive enrolment regime” para sa OAS at GIS upang bawasan ang hirap ng seniors sa pagkumpleto ng paraan ng aplikasyon at bawasan ng gastos sa administrasyon ng Pamahalaan. Ang proactive enrolment ay pai-iralin ng unti-unti buhat sa 2013 hanggang 2015.

### **Responsableng Pamamahala ng Gastos**

Ang Economic Action Plan ng 2012 ay isang plano para sa trabaho, pag-unlad at pang-matagalan kasaganahan. Ang mahalagang bahagi ng aming mababang-buwis, mababang-utang (low-tax, low-debt) plano ay magbalik sa balanseng budget nasa sa kalagitnang termino. Sa nakaraan taon, nakita naming ang makatwiran, balanse at moderatong pag-iipon upang bawasan ang deficit. Ang mga hakbang na ito ay magkakaroon ng tinatawag na “ongoing savings” nagpapatuloy ng pag-iipon ng \$5.2 bilyon, simbulo ng mababa sa 2.0 por siyento ng inaasahang paggastos ng federal program sa 2016-17. Higit sa 70 por siyento ng pag-iipon are nahanap sa tinatawag na “operational efficiencies” magaling na pagtakbo ng operasyon.

“Mananatili tayo sa ating hakbang, laging maglikha ng mataas-na-uri ng trabaho at pang-matagalan pag-unlad ng ekonomiya para sa mga Canadians.” Sabi ni Minister Flaherty. “Hindi tayo mag-tataas ng buwis. Mananatili ang ating hindi nagbabagong paglapit, pragmatiko at responsible sa ekonomiya, at kunin ang kailangang hakbang upang magtayo ng tiwala sa ating kinabukasan.”